ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo
Tomo XLVIII Blg.3
Pebrero 21, 2017
www.philippinerevolution.info

## Unilateral na tigil-putukan, tinapos na ng PKP/BHB

SA ISANG MENSAHENG naka-bidyo noong Pebrero 1, inianunsyo ni Ka Oris, tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), ang magkatambal na desisyon ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) at Pambansang Kumand sa Operasyon ng BHB na tapusin na ang unilateral na deklarasyon ng tigil-putukan sa araw ding iyon. Matapos itong ipabatid sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP), tuluyang mawawalan ng bisa ang tigil-putukan sa Pebrero 10, alas-11:59 ng hatinggabi.

Ayon kay Ka Oris, nagpasya ang pamunuan ng rebolusyonaryong kilusan na tapusin ang tigil-putukan dahil, "una, nabigo ang rehimeng Duterte na tuparin ang pangakong palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal kahit matapos ang halos 160 araw mula nang pinag-usapan ito noong Agosto. Ikalawa, tusong sinamantala ng GRP ang tigil-putukan ng PKP/BHB para manghimasok sa mga teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan."

Aniya, kahit pa tinatapos na ng PKP at BHB ang unilateral nitong tigil-putukan, patuloy nitong sinusuportahan ang negosasyong pangkapayapaang NDFP-GRP. Gayunpaman, tutol ang rebolusyonaryong kilusan na gamitin ito "para lamang sa pasipikasyon at pagpilit ng pangmatagalan at walang ta-

...sundan sa pahina 3




EDITORYAL

# Makatarungang kapayapaan, kamtin sa negosasyon at digmang bayan

Itinatakwil ng Partido at sambayanang Pilipino ang deklarasyon ni Presidente Duterte ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) noong Pebrero 4 na tatapusin na niya ang negosasyong pangkapayapaan ng GRP at National Democratic Front of the Philippines (NDFP).

Gayunman, habang walang pormal na pabatid ng pagtatapos mula sa GRP, itinuturing nating nagpapatuloy pa ang negosasyong pangkapayapaang GRP-NDFP. Inaantabayanan ng panel ng NDFP ang nakatakdang pag-uusap sa Pebrero 22-24 at Abril 2-6.

Binabatikos ng Partido ang utos ni Duterte na kanselahin ang mga pasaporte ng mga negosyador at konsultant ng NDFP at muli silang arestuhin at ikulong nang walang pyansa. Kung ituloy, ituturing itong labis na kataksilan at malalang paglabag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees na muling pinagtibay ng GRP at NDFP ilang buwan pa lamang ang nakaraan. Tinitiyak nito ang hindi pagpapahamak sa mga tauhang pangkapayapaan ng magkabilang panig.

Ang mapusok na pahayag ni Duterte na tapusin ang negosasyong pangkapayapaang NDFP-GRP ay kasunod ng pagtatapos niya sa unilateral na deklarasyong tigil-putukan ng GRP sa BHB. Malinaw na wala itong matalinong pagsasaalang-alang sa payo ng kanyang panel pangkapayapaan at sa tagumpay ng katatapos pa lamang na ikatlong pag-uusap sa Rome, Italy mahigit isang linggo lang ang nakakaraan. Iginigiit niya na kung walang "mabigat na dahilan" ay di na muling sisimulan ang negosasyong pangkapayapaan.

Nakadidismaya na mukhang interesado lamang si Duterte sa negosasyong pangkapayapaan sa NDFP kung magagamit ito para sa pasipikasyon upang obligahin ang mga re-

bolusyonaryong pwersa na pumasok sa matagalang tigil-putukan na hindi lang walang makabuluhang pakinabang sa bayan, kundi nakapipinsala rin sa mamamayan dahil nahahantad sila sa walang-habas na militarisasyon sa kanayunan.

Sa pagsaad ng planong umatras sa negosasyong GRP-NDFP, inulit ni Duterte ang pinalaking galit ng AFP sa sunud-sunod na armadong sagupaang sumiklab sa pagitan ng BHB at AFP na nagresulta sa pagkamatay ng anim na tropang militar mula katapusan ng Enero.

Pinagtatakpan niya na siya at ang pamunuan ng AFP ang nag-utos ng pagdeploy ng mga armadong tropa sa mga sona at baseng gerilya ng BHB upang sakupin ang mga baryo sa ngalan ng "kapayapaan at kaayusan," "paghahatid ng serbisyong panlipunan" at iba pang pagdadahilan, para maghasik ng takot at intimidasyon sa mamamayan at maglunsad ng armadong opensiba sa kabila ng magkatugong deklarasyon ng unilateral na tigil-putukan.

Tumindi ang mga operasyong *strike* ng AFP nitong nagdaang mga linggo na humantong sa pagsalakay sa mga kampo ng BHB noong Enero 23 sa Makilala, at noong Enero 26 sa Matalam, kapwa sa North Cotabato. Dahil sa walang-awat na mga opensiba ng AFP, naging mahirap panatilihin ang unilateral na deklarasyon ng tigil-putukan. Bilang tugon, pinasigla ng BHB ang mga hakbanging aktibong depensa nitong nagdaang mga araw upang ipagtanggol ang interes at kapakanan ng bayan. Ang pag-anunsyong ginawa ng Partido at BHB nitong Pebrero 1 na pagtatapos ng deklarasyong tigil-putukan ay ginawa nang may higit sa sapat na pauna sa nagdaang dalawang buwan.

Sa hangaring tapusin ang negosasyong pangkapayapaan, iginigiit ni Duterte na hindi niya pwedeng palayain ang lahat ng bilanggong pulitikal. Kabulastugan ang sinasabi niyang katumbas na rin ito ng "pagsurender" ng GRP. Isinasaisantabi niya ang katotohanang sila'y sinampahan ng gawa-gawang kaso at biktima ng lansakang inhustisya.

Sa nagdaang mga buwan, nagmatigas si Duterte na hindi palalayain ang lahat ng bilanggong pulitikal sa pamamagitan ng proklamasyong amnestiya, taliwas sa kanyang pangako at obligasyon ng GRP.

Lumilitaw na ang AFP ang pinakamalaking hadlang sa pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal nang idineklara ni Duterte na dapat rin siyang makinig sa militar, kahit pa katumbas nito'y magbingi-bingihan sa sigaw ng bayan para sa katarungan. Ngayo'y malinaw na si Duterte, na nakasandal sa AFP para magtagal sa pulitika, ay mas pabor sa militar at pulis kaysa mamamayan.

Iginigiit ng sambayanang Pilipino ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa pamamagitan ng paglutas sa tampok na mga suliraning pang-ekonomya at panlipunan, laluna ang malawak na problema ng kawalan at pang-aagaw ng lupa sa kanayunan, pati ang problema ng talamak na disempleyo, mababang sahod, kawalan ng seguridad sa trabaho at malawak na mga problemang nagsasadlak sa mga manggagawa, magsasaka at iba pang saligang sektor.

Dapat mahigpit na tutulan ng mga sektor, organisasyon at personalidad na maka-kapayapaan ang biglaang desisyon ni Duterte na wakasan ang negosasyong pangkapayaang GRP-NDFP.

Nananatiling bukas ang tanggapan ng panel sa negosasyon ng NDFP upang patuloy na pag-aralan ang posibilidad ng muling pagbubukas ng negosasyong pangkapayapaan sa gubyernong Duterte, kapwa sa CASER at pati na sa usapin ng kasunduan sa tigil-putukan kasabay ng pagpapalaya sa mga bilanggong pulitikal.

Dapat paigtingin ng sambayanang Pilipino kapwa ang kanilang armado at di-armadong paglaban sa lahat ng anyo ng pang-aapi at pagsasamantala. Dapat puspusan nilang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon upang ilatag ang mga batayan para sa makatarungan at pangmatagalang kapayapaan. AB

ANG Bayan

Tomo XLVIII Blg. 3 | Pebrero 7, 2017

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwc.info

youtube.com/PhilippineRevolutionWebCentral

@prwc_info

fb.com/PhilippineRevolutionWebCentral

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Kapayapaan, kamtin sa negosasyon at digmang bayan 1

Unilateral na tigil-putukan, tinapos 1

Pangatlong serye ng *peacetalks* 3

Konsultant, iligal na inaresto 4

JMS, PKP nasa *terror listing* pa rin ng US 4

Mga aksyong pandepensa ng BHB 5

Hakbang-pamamarusa ng BHB 6

Tusong pang-aatake ng AFP sa NCOt 7

7 EJK sa ilalim ng Oplan Kapayapaan 7

Oplan Tokhang ni Duterte 8

Hustisya para sa mga manggagawa sa HTI 10

Kampuhan sa Davao City 11

Kamara, nabulabog ng protesta 11

Iba't ibang mga protesta 12

Mga protesta ng mga tsuper 12

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Tigil-putukan...," mula pahina 1

ning na tigil-putukan na walang kongkretong pakinabang sa bayan at rebolusyonaryong kilusan."

Inatasan ng Pambansang Kumand ng BHB ang lahat ng kumand at yunit ng BHB, kabilang ang mga milisyang bayan at yunit pananggol-sa-sarili na bago tuluyang mawalang bisa ang tigil-putukan, magsagawa ang mga ito ng "aktibong depensa upang kontrahin, biguin at parusahan ang mga yunit ng AFP, PNP, CAFGU na nagpapatrulya sa mga sonang gerilya, ang mga yunit ng kaaway na sumasakop sa mga barangay at komunidad pati na ang mga opensibang operasyong nagpapanggap na anti-droga o anti-krimen, na pawang lumalabag sa mga karapatang-tao at yumuyurak sa diwa ng magkatugong deklarasyong tigil-putukan."

"Sa tuluyang pagtatapos ng unilateral na tigil-putukan, lahat ng panteritoryo at yunit kumand ng BHB ay inaatasang kunin ang buong inisyatibang maglunsad ng mga kampanyang militar at taktikal na opensiba laban sa AFP, PNP, sa iba't ibang mga grupong paramilitar at *death squad* ng rehimeng Duterte, pati na ang mga armado, abusado at mapandambong na negosyo at iba pang armadong grupo at sindikato," dagdag pa niya.

Ang anunsyo ay sinundan ng pagsagot ni Ka Oris sa mga tanong ng mga myembro ng midya sa pamamagitan ng mga *social media account* ng Philippine Revolution Web Central.

Bilang tugon, ibinagsak na rin ni Duterte noong Pebrero 3 ang unilateral na tigil-putukan ng GRP, isang araw matapos magpahayag na "hindi niya gagayahin" ang anunsyo ng PKP/BHB. Inatasan niya ang lahat ng mga sundalo ng AFP na "bumalik sa mga kampo, linisin ang kanilang mga riple at maghanda para sa bakbakan." Noong Pebrero 3, nagsagawa ng *press conference* ang pamunuan ng AFP at nangakong "bibigwasan namin sila (BHB) nang matindi." AB

# Pangatlo sa serye ng usapan, tagumpay

Sa kabila ng mga pahayag ni Pres. Duterte noong Pebrero 4 na tatapusin na niya ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng GRP at NDFP, nananatiling bukas ang rebolusyonaryong kilusan sa pagpapatuloy nito. Kabilang sa mga dahilan ang matagumpay na pagdaraos ng pangatlong serye ng usapan sa Rome, Italy noong Enero at ang mga napagkasunduang mahahalagang punto rito.

Ayon sa Joint Statement sa pagsasara ng pangatlong pag-uusap, natalakay na ng mga Reciprocal Working Committee on SER (RWC-SER) ang unang apat na bahagi ng borador ng CASER. Nagsimula na ring talakayin ang repormang agraryo at pagpapaunlad ng kanayunan, kung saan nagkaisa sa prinsipyo sa pamamahagi ng lupa sa mga magbubukid bilang bahagi ng balangkas ng CASER.




Wika pa ni Randall Echanis, tagapagsalita ng NDFP RWC-SER, inaasahang matatapos ang borador sa loob ng taong ito. Nagpalitan na rin ang magkabilang panig ng kanilang mga borador para sa kasunduan sa pulitikal at konstitusyunal na mga reporma.

Kabilang sa mga tagumpay ng usapan ang pagpipirma sa Supplemental Guidelines for the Joint Monitoring Committee (JMC) at ng mga batayang alituntunin sa mga pulong ng mga *reciprocal working committee* sa repormang panlipunan at pang-ekonomya. Ang mga dokumentong ito ang magtutulak sa mas mabilis na pagpapatupad ng CARHRIHL, na dati nang napagtibay ng dalawang panig noong 1998.

Kapag mapatupad ang Supplemental Guidelines, maaari nang maglunsad ng magkasanib na imbestigasyon ang JMC tungkol sa pagpapatupad sa CARHRIHL. Magbibigay daan ito sa pag-imbestiga sa libu-libong kasong isinampa sa JMC mula 2004. Sa bawat kaso laban sa NDFP ay may apat na kasong nakasampa laban sa GRP.

Marami sa mga kaso laban sa GRP ay kaugnay ng ekstrahudisyal na pamamaslang, pagdukot, iligal na pambibilanggo at paglabag sa mga karapatang-tao at internasyunal na makataong batas dulot ng mga operasyong militar na isinasagawa ng mga pwersa ng estado.

Muling inihapag ng NDFP ang mga usapin ng paglabag ng GRP sa CARHRIHL, kabilang na ang pagbabalewala sa doktrinang Hernandez na nagbabawal sa pagsasampa ng mga kasong kriminal laban sa mga salang pulitikal, ang paglibing sa diktador na si Marcos sa Libingan ng mga Bayani, ang paggamit ng mga tropang militar sa mga eskwelahan, barangay hall at iba pang istrukturang pangkomunidad, at ang usapin ng ligal na proseso kaugnay ng gerang kontra-droga.

Muli pang iginiit ng NDFP ang pagpapalaya sa halos 400 bilanggong pulitikal bilang pagpapatupad ng CARHRIHL. Anang pinuno ng panel ng NDFP na si Fidel Agcaoili sa kanyang pagtatapos na pananalita, "hanggang ngayon ay walang natutupad sa binitiwang pangako noong Agosto 2016 kapalit ng unilateral na deklarasyon ng rebolusyonaryong kilusan ng walang-taning na pagpapalawig ng tigil-putukan."

Nangako ang GRP na makikipagtulungan sa mga abugadong pandepensa upang mapabilis ang proseso ng pagpapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal, pinakauna

na ang 200 "kwalipikado" para makalahok sila sa prosesong pangkapayapaan.

Ang hindi pagtupad sa pagpapalaya ng mga bilanggong pulitikal ang isa sa mga dahilan ng pagbawi ng PKP at BHB sa unilateral na tigil-putukan epektibo sa Pebrero 10, bagamat hindi pa rin umaatras sa usapang pangkapayapaan at handa pa ring hindi ituloy ang pagbawi kung tuparin ng GRP ang mga obligasyon nito.

Ngunit noong Pebrero 3, ipinahayag ni Duterte ang pagbawi sa kanilang deklarasyon ng tigil-putukan at inatasan ang AFP na bumwelo na sa operasyon. Kasunod nito ay inis na ipinahayag niya ang pagkalas sa usapan, at idiniin na hindi niya palalayain ang mga bilanggong pulitikal dahil isinasaalang-alang niya diumano ang sentimyento ng mga sundalo ng AFP.

Gayunpaman, nagpahayag ang NDFP na handa pa rin itong umupo sa usapang pangkapayapaan. Ayon sa pahayag ni Fidel Agcaoili, "umaasa pa rin ang NDFP na magpapatuloy ayon sa nakatakda ang usapang pangkapayapaan at ang pinag-uusapang CASER ay maihahanda na para sa pagpapatibay ng magkabilang panig sa katapusan ng 2017."

Nakatakda pang muling magpulong ang mga panel sa Utrecht, The Netherlands sa Pebrero 20-22 upang talakayin ang panukala ng gubyerno na bilateral na tigil-putukan at iba pang usapin sa pagpapatupad ng CARHRIHL. Dati ring napagkaisahan na gaganapin ang ikaapat sa serye ng usapan sa Abril 2 hanggang 6 sa Oslo, Norway. Kailangan pang pormal na ipaabot ng GRP sa NDFP panel at sa Third Party Facilitator ang nakasulat na pagkalas nito sa usapang pangkapayapaan bago tuluyan itong maputol.

Samantala, sakitin na nang palayain noong Pebrero 2 si Reynante Malcampo, 41-taong gulang, mula sa Compostela Valley Provincial Rehabilitation Center, Tagum City. Matapos ang limang taong pagkakabilanggo, noon pa lamang siya pinawalang-sala ng husgado sa gawa-gawang kriminal na kaso ng *illegal posses- sion of explosives.* Hindi siya napalaya dahil sa pangako ni Pres. Duterte ng amnestiya kundi sa sariling pagsisikap ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao. AB

# Konsultant, iligal na inaresto

MARIING KINUNDENA ng rebolusyonaryong kilusan, mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at tagasuporta ng usapang pangkapayapaan ang iligal na pag-aresto ng magkasanib na pwersa ng pulis at militar kay Ariel Arbitrario at isa sa kanyang istap.

Hinarang sina Arbitrario sa isang tsekpoynt sa Sirawan, Toril, Davao City bandang alas-9 ng umaga noong Pebrero 6. Pansamantala siyang pinalaya noong Agosto 18, 2016 para lumahok bilang konsultant sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP-GRP. Dumalo siya sa tatlo sa serye ng mga usapan.

Ito ang unang pang-aaresto matapos inianunsyo ni Duterte ang pag-atras ng GRP sa usapang pangkapayapaan. Kasabay ng pag-atras, inutos niya ang pagkansela sa mga pasaporte ng mga konsultant at sinabihang ibabalik sila sa kulungan dahil sila ay mga "kriminal." Inatasan din niya ang militar na tiktikan ang mga konsultant at tiyaking alam ang kanilang kinalalagyan. Ito ay kasabay ng pagbansag sa PKP, BHB at maging sa NDFP bilang mga teroristang organisasyon.

Ayon sa pahayag ng NDFP noong Pebrero 6, lahat ng 17 konsultant nito ay nasa Pilipinas na at hindi sila nagtatago. Hindi rin sila maaaring basta-bastang arestuhin dahil protektado sila ng JASIG (Joint Agreement on Security and Immunity Guarantees). Kailangan din ng 30-araw na palugit para tuluyang magkabisa ang terminasyon ng usapan matapos maghapag ng nakasulat na pabatid ang isang panig. AB

## US, tumangging alisin si Sison at ang PKP sa *terror list*

TUMANGGI ANG US nitong Pebrero 2 na tanggalin si Prof. Jose Maria Sison at ang Partido Komunista ng Pilipinas sa listahan nito ng mga terorista. Ito ay matapos pormal na iminungkahi ng Gubyerno ng Republika sa Pilipinas (GRP) na iatras ang naturang paglilista. Ang hakbang na ito ay isa sa mga kaisahan ng NDFP at GRP sa pangatlo sa serye ng usapang pangkapayapaan sa Rome, Italy na ginanap noong Enero.


Ayon sa pinag-isang pahayag ng mga *negotiating panel* ng NDFP at GRP, wala nang dahilan para manatili sa listahan ng mga terorista si Sison at ang PKP dahil ang alyansa nito, ang National Democratic Front, ay kasalukuyang nakikipag-usapang pangkapayapaan sa gubyerno ng Pilipinas. Taliwas ito sa katangian ng mga terorista, ayon pa kay Silvestre Bello, pinuno ng GRP panel. Isinama si Sison at ang PKP at BHB sa listahan ng mga terorista noong 2002 sa rekomendasyon ng rehimeng Arroyo. Si Bello rin ang noo'y pinuno ng panel ng GRP.

Sa halip ng positibong tugon, sinamantala ng US ang pagkakataon para pagsabihan ang Pilipinas kaugnay sa mga "maling hakbang" nito sa South China Sea. Pinatutungkulan nito ang pagpapabaya ng rehimeng Duterte sa nababalitang paglalagak ng mga armas ng China sa mga pinag-aagawang bahura at isla.

Sa kaugnay na balita, dumating na sa Pilipinas ang ibinenta ng US na mga baril sa AFP bilang bahagi ng "gera kontra-terorismo" nito. Kabilang dito ang 400 *grenade launcher*, 85 na M40A5 ripleng pang-isnayp at isang RQ-11B Raven *unmanned aerial vehicle system* na may tatlong *drone.*

# Aktibong depensa, inilunsad ng BHB mula Enero

Mahigit labing-walong armadong aksyon ang inilunsad ng iba't ibang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa buong bansa bilang pagtalima sa atas ng Pambansang Kumand sa Operasyon na magsagawa ng aktibong depensa upang ipagtanggol ang kapakanan ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa.




**Isabela.** Matagumpay na inambus ng yunit ng BHB-South Isabela (Benito Tesorio Command) ang dalawang elemento ng 86th IB sa bayan ng Echague.

Sa pahayag ni Victor Servidores ng BHB-Cagayan Valley, ang dalawa ay kabilang sa tropa ng AFP na walang patid na naglulunsad ng operasyong paniktik sa lalawigan ng Cagayan at Isabela.

Tahasang sinasamantala ng mga yunit militar ang gawaing *relief, rehabilitation* at kontra-drogang kampanya para makapasok ang mga operatibang paniktik at tropang pangkombat ng AFP sa mga teritoryo ng demokratikong gubyernong bayan.

**Batangas.** Ilang oras matapos ang deklarasyon ng BHB sa terminasyon ng tigil putukan, hinaras ng BHB-Batangas (Eduardo Dagli Command) ang isang detatsment ng Philippine Air Force noong Pebrero 1 sa Sityo Buntog, Barangay Bulihan, Nasugbu.

**Sorsogon.** Inambus ng BHB-Sorsogon (Celso Minguez Command) ang nagpapatrulyang mga elemento ng 31st IB sa Trese Martires, Casiguran noong Pebrero 6. Dalawang sundalo ang nasugatan. Kaagad na dinumog ng mga sundalo ang lugar. Dahil dito, ilang pamilya ang lumikas sa barangay.

**Southern Panay.** Dalawang magkasunod na aksyong militar ang inilunsad ng BHB-Southern Panay (Napoleon Tumagtang Command) laban sa mga tropa ng 82nd IB at 3rd ID na nag-ooperasyon sa Barangay Boloc, Tubungan, Iloilo at Barangay Osorio III, San Remigio, Antique.

Ang aksyong militar na ito ay tugon sa kahingian ng mamamayan na parusahan ang mga elemento ng AFP na nanggugulo sa kanilang komunidad.

Sa pahayag ng BHB-NTC, sangkot ang 82nd IB at 3rd ID PA sa walang pakundangang pamamaril sa mga kabahayan at sapilitang pagpapapirma sa mga taumbaryo sa kasulatan na sila'y pumapayag na magkampo ang AFP sa komunidad.

**North Central Mindanao Region.** Enero 30, naglunsad ng operasyong haras ang mga Pulang mandirigma laban sa tropa ng 8th IB na nagkampo sa gusali ng SIDAMCO sa Barangay Concepcion, Valencia City Bukidnon.

Sa panahon ng kanilang pagkampo, nagtayo ang 8th IB ng DDSM o Duterte Drug Squad Movement na pinangunahan ng *military intelligence battalion*, anila'y 'gera kontra droga' ngunit tinatarget ang mga progresibong lider sa komunidad.

Gabi-gabi ay iniimbestiga ang mga lider magsasaka at pinaaamin kung saan ang kampo ng NPA, sinu-sino ang mga lider at taga-suporta ng BHB.

Sangkot din ang tropa ng AFP sa pagpapalaganap ng malalaswang palabas, pagsusugal at paglalasing sa komunidad.

Pinasinungalingan ni Alan Juanito, tagapagsalita ng BHB-NCMR ang pahayag ni Capt. Joe Patrick Martinez ng 4th ID na naglulunsad ang yunit ng AFP ng *relief operations* sa mga biktima ng baha sa Valencia City. Aniya, walang sentro ng ebakwasyon sa nasabing baryo at wala ring lumikas sa mga taumbaryo sa panahon ng bagyo.

Tatlong elemento naman ng 8th IB ang hinarang at nanlaban sa isang yunit ng BHB sa Sityo Kalib, Barangay Kibalabag, Malaybalay City noong Pebrero 1. Patay ang tatlong sundalo sa nangyaring

engkwentro habang nasamsam ng mga Pulang mandirigma ang tatlong kalibre .45 pistola ng mga ito.

**Northeastern Mindanao Region.** Noong Enero 29, dinakip at idineklarang *prisoner-of-war* (POW) ng BHB-NEMR si PFC Edwin Salan ng 30th IB sa Barangay Boudlingin, Alegria, Surigao del Norte. Isa si Salan sa 18 tropa ng 30th IB na naglulunsad ng operasyong kombat sa lugar.

Kinabukasan, Enero 30, hinaras ng mga Pulang mandirigma ang tropa ng 29th IB sa Barangay San Isidro, Barangay Mahayahay at Barangay Hinimbangan, Kitcharao, Agusan del Norte at mga tropa ng 75th IB na naglulunsad ng mga operasyong "peace and development" sa Sityo Brazil, Barangay Mat-i, Surigao City. Tatlo ang sugatan sa AFP.

Noong araw ding iyon, hinaras din ng BHB ang yunit ng 36th IB na nag-COPD sa Barangay Magtangali, Anawawon, Surigao Norte.

**Southern Mindanao Region.** Kinundena ni Rigoberto Sanchez, tagapagsalita ng BHB-Southern Mindanao Region ang pahayag ng AFP na diumano'y kontra krimen ang nilulunsad nitong operasyon sa Brgy. Lambog, Manay, Davao Oriental.

Ani Sanchez, tulad ng bigong operasyon ng AFP sa Barangay Makilala at Matalam, North Cotabato, matagumpay na nadepensahan ng BHB-Comval-Davao East Coast Subregional Command ang panibagong atake ng 67th IB noong Pebrero 1, 12:30 ng tanghali. Dahil bigong magdulot ng pinsala sa BHB, pinatay ng mga pasistang AFP ang dalawang magsasaka mula sa Barangay Del Pilar.

Enero 31 pa lamang nagdeploy na ng tropang pangkombat ang 67th IB sa mga barangay ng Kayawan, Del Pilar at Kapasnan, bayan ng Manay. Kinabukasan, ilang taumbaryo naman ang isinailalim sa interogasyon at pilit na pinatuturo kung nasaan ang mga Pulang mandirigma.

Tanghali, nagkaroon ng engkwentro sa apat na kolum ng AFP at yunit ng BHB sa lugar. Mahusay na nakapagmaniobra ang mga Pulang mandirigma. Napatay sa labanan si 2Lt. Victor Alejo, habang isang elemento ng kaaway ang lubhang sugatan.

Daang pamilyang Lumad at mga magsasaka ang napilitang lumikas sa kanilang komunidad dahil sa pagkakampo ng 67th IB.

**FSMR.** Dalawang elemento ng 39th IB ang dinakip at idineklarang POW ng mga Pulang mandirigma sa Telefas, Columbio, Sultan Kudarat noong Pebrero 2. Kinilala ang dalawang POW na sina Sgt. Solaiman Calucop at Pfc Samuel Garay. AB

# Mga hakbang pamamarusa ng BHB sa Batangas at Bukidnon

TATLONG HAKBANG-PAMARUSA ang ipinatupad ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan sa Batangas at Bukidnon laban sa mga mapagsamantalang kumpanya ng malalaking burgesyang kumprador.

**Batangas.** Apatnapu't dalawang armas, kabilang ang 14 na M-16 at 20 *shotgun*, libu-libong bala, magasin at kagamitang pangkomunikasyon ang nakumpiska ng BHB sa dalawang magkasunod na reyd at hakbang pamamarusa sa Selective Security Agency at 3-I Security Agency noong Enero 29, alas-6:30-7:45 ng gabi sa Barangay Papaya, bayan ng Nasugbu.

Pinangunahan ng mga Pulang mandirigma mula sa BHB- Batangas (Eduardo Dagli Command) ang pagdisarma sa mga gwardya na tumatayong armadong *goons* ni Henry Sy laban sa mga magsasaka sa Hacienda Looc. Samantala, tiniyak naman ng BHB na walang nasaktan sa mga gwardya at empleyado ng nasabing ahensya. Ang aksyong ito ay bahagi ng hakbang pamamarusa laban kay Henry Sy at mga gwardya nito na ginagamit sa marahas at malaganap na pangangamkam ng lupa sa Hacienda Looc.



Kabilang sa mga kaso ng mga ito ang walang pakundangang paulit-ulit na pagwasak sa mga pananim ng mga magsasaka, pagsunog sa mga kubo at ulingan, pagkumpiska sa bunga ng mga pananim at pagbabawal sa mga magsasaka na magbungkal ng lupa.

Sa Sityo Convento, Barangay Looc, Sityo Bangkal at Sityo Cueba, Barangay Bulihan, ilang ulit na nanutok ng baril ang mga gwardya sa mga magsasaka. Sangkot din ang mga ito sa panggigipit sa mga mangingisda kung saan pinagbabawalan silang pumondo at mangisda sa baybayin ng Hamilo Cove at mga sinaklaw na bahagi ng 'development' ni Henry Sy sa Barangay Calayo at Barangay Papaya.

**Bukidnon.** Iniulat ni Ka Alan Juanito, tagapagsalita ng BHB-North Central Mindanao Region, ang pagparalisa ng isang tim ng Mt. Kitanglad Subregional Command sa isang *backhoe* at buldoser ng Del Monte, multinasyunal na kumpanya ng prutas, noong Pebrero 1.

Kasabay nito, sinunog ng BHB-South Central Bukidnon Subregional Command ang isang *dump truck* na pagmamay-ari ng pamilyang Macabaya sa Libertad, Quezon.

Notoryus ang pamilyang Macabaya sa pangangamkam ng lupa at di sapat na pagpapasahod sa mga manggagawang bukid ng kanilang tubuhan. Sila rin ang responsable sa pagdemolis sa may 100 pamilya sa Brgy. Salawagan, Quezon. AB

# 7 ekstrahudisyal na pamamaslang, naitala sa Oplan Kapayapaan

Ilang linggo pa lamang mula nang magbukas ang taon, hindi bababa sa pitong lider at aktibistang magsasaka sa Negros at Mindanao ang pinaslang dahil sa masigasig na pagtatanggol nila sa kanilang mga karapatan sa kanilang lugar.

Sina Wencislao Pacquiao, Jovani Paguntalan, Iver Mulasi, Alexander "Sander" Ceballos mula sa Negros at sina Veronico "Nico" Lapsay Delamente, Emelito "Tatay Intik" Rotimas, at Renato Anglao mula sa Mindanao ang unang mga biktima ng kadedeklara pa lamang na Oplan Kapayapaan, ang bagong kampanyang panunupil ng gubyernong Duterte.

**Negros.** Enero 25 nang patayin si Pacquiao, 48, kasapi ng San Benito Farmers Association–KMP bandang alas 9 ng umaga. Limang bala sa ulo ang naging sanhi ng kanyang kamatayan. Isa pang magsasaka, si Rebeco Pabuaya, ay tinamaan ngunit hindi namatay. Kalahok sila noon sa isang aktibidad ng pagsasaka sa lupa sa Barangay San Benito, Calatrava.

Enero 20 naman nang barilin ng nakamaskarang mga elemento ng RPA na bayarang *goons* ni Mayor Nehemias dela Cruz si Ceballos, 54, isang magsasaka at lider ng NFSW sa kanyang bahay sa Barangay Pandan Silos, Murcia, Negros Occidental. Tatlong bala sa ulo ang kumitil sa kanyang buhay bandang alas-8 ng gabi.

Si Mulasi naman, na tagapangulo ng Nieves Agro Cooperative ng Don Salvador Benedicto, Negros Occidental, ay binaril hanggang mamatay noong Enero 16 sa harapan ng kanyang bahay sa Barangay Pandanon Silos sa Murcia, katabing bayan ng Don Salvador Benedicto. Si Jovani Paguntalan ay binaril noong Enero 2.

Ang lupang tinatamnan nina Pacquiao ay dati nang ibinenta ng isang Agustilo Hullesa sa pamamagitan ng *voluntary offer to sell.* Ngunit muli itong ipinamahagi ng Department of Agrarian Reform (DAR) noong Pebrero 2014 sa mga pekeng benepisyaryo na tauhan ni Hullesa. Nagsampa ng kaso sa Department of Agrarian Reform (DAR) ang mga magsasaka.

Si Ceballos ay isa sa mga namuno ng matagumpay na pakikibaka

*sundan sa pahina 8*

# Tusong mga opensibang operasyon ng AFP laban sa BHB, kinundena

MAHIGPIT NA KINUKUNDENA ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) ang dalawang pang-aatake ng Armed Forces of the Philippines sa mga kampo ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa North Cotabato noong Enero 21 at 26. Ang mga ito ay kabilang sa mga dahilan kung bakit hindi na kinayang isusteni ng BHB ang unilateral na tigil-putukan nito.

Ayon sa NDFP, seryosong paglabag sa sarili nitong tigil-putukan ang isinagawang pang-aatake ng AFP sa isang yunit ng BHB sa Makilala noong Enero 21. Nagsimula kinabukasan ang pangatlo sa serye ng usapan sa Rome, Italy.


Ayon sa ulat ng Panrehiyong Kumand sa Operasyon ng BHB-Southern Mindanao, bandang alas-5 ng umaga ng araw na iyon, dumating sa Sityo Concepcion, Brgy. Kisante ang mga sundalo ng 39th IB at naglunsad ng operasyong kombat tungong Sityo Lokatong sa Brgy. Biangan kung saan nagkakampo ang isang yunit ng BHB. Nagmaniobra ang mga Pulang mandirigma para makaiwas sa labanan. Pero tuluy-tuloy ang operasyon ng mga sundalo at bandang alas-5 ng hapon ay nakasagupa ng mga ito ang yunit ng BHB. Walong sundalo ang napatay habang isang mandirigma ang nasawi. Ang mga lugar na ito ay malayo na sa sentro kaya walang ibang dahilan sa presensya ng mga sundalo rito kundi tugisin ang BHB kahit pa may magkatuwang na tigil-putukan.

Ang totoo, ayon sa BHB-SMR, noon pang Agosto nang nakaraang taon nananalasa ang 39th IB sa mga komunidad sa North Cotabato. Isang linggo matapos ang deklarasyon ni Duterte ng tigil-putukan, nagpadala ang AFP ng mga *peace and development team* na nagkampo sa mga *barangay hall, health center* at mga eskwelahan sa Kidapawan City at mga bayan ng Pres. Roxas, Magpet at Arakan. Patuloy nitong pinakilos ang mga tropa at paramilitar nito para sa mga operasyong kombat na nagresulta sa mga ekstrahudisyal na pamamaslang at harasment. Kabilang sa mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang pagpaslang sa mga sibilyang sina Rita at Norberto Gascon noong Setyembre 13 at Rolan Malignan noong Nobyembre 22. Noong Disyembre 6, napilitang magbakwet ang ilang pamilya sa Magpet dulot ng matinding militarisasyon.

Noong Enero 26, sinalakay naman ng magkasanib na pwersa ng 71st IB, CAFGU at ng Special Action Force ng Philippine National Police ang isa pang kampo ng BHB sa Sityo Emilda, Brgy. Taguranao, Matalam. Alas-6 nang umaga nang salakayin ng 50 sundalo ang kampo na tatlong kilometro ang layo sa pinakamalapit na komunidad. Ligtas na nakaatras ang mga Pulang mandirigma habang tatlong sundalo ang napatay sa labanang nagtagal nang 45 minuto. Isang daang sundalo ang ipinadala sa Matalam noong araw na iyon. AB

# Ang kriminal na Oplan Tokhang ni Duterte

Nitong Enero, umani ang rehimeng Duterte ng panibagong serye ng mga batikos kaugnay sa malaking bilang ng mga ekstrahudisyal na pamamaslang sa mga biktima ng droga at ang kasabay nitong pagkabunyag ng mga kriminal na aktibidad ng mga pulis sa ngalan ng Oplan Tokhang.



Pinakahuli rito ang pagpatay ng mga pulis sa Koreanong negosyanteng si Jee Ick-Joo sa loob mismo ng hedkwarters ng Philippine National Police (PNP) sa Camp Crame. Dahil dito, napilitan si Duterte at ang hepe ng PNP na si Ronald de la Rosa na pansamantalang iatras ang Oplan Tokhang at palabasing iniimbestigahan ang mga pulis na sangkot sa pangingikil at pamamaslang.

Noon pang Agosto 2016, malinaw na ang tindig ng Partido Komunista ng Pilipinas laban sa "gera kontra-droga" ng rehimen. Sa sumunod na anim na buwan, lalong tumining ang kontra-mahirap at anti-demokratikong katangian nito sa

*sundan sa pahina 9*

"*Ekstrahudisyal...*," *mula pahina 7*

ng NFSW sa pagbawi ng lupang kinamkam ni Mayor Dela Cruz, isang pulitikong panginoong maylupa ng Salvador Benedicto, Negros Occidental. Noon pa mang Enero 13 at 14, , pinagbantaan na siya ng isang Jigger Costan, badigard ni Mayor Dela Cruz, ng kamatayan. Ang anak ni Ceballos na si Ariel ay dati nang pinagbabaril noong Hulyo 17, 2015, ngunit nakaligtas siya sa kamatayan.

Ang mga pamamaslang ay mariing kinundena ng National Federation of Sugar Workers (NFSW), Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) at ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) sa Negros na naglunsad ng serye ng mga martsa at protestang libing mula Enero 22, ang ika-30 anibersaryo ng Mendiola Massacre, at sa luksang parangal para kay Ceballos noong Pebrero 1 sa munisipal na sementeryo ng Murcia.

Ayon kay Fidel Agcaoili, punong negosyador ng NDFP, “ang kamatayan ni Ceballos ay pinakahuli lamang sa mga kaso ng karahasan ng panginoong maylupa laban sa mga magsasaka na nag-inisyatibang igiit ang kanilang karapatan sa pagbubungkal sa harap ng kabiguan ng mga programa sa repormang agraryo ng magkakasunod na mga gubyerno.”

Ipinapakita nito ang pangangailangan ng “malawakang reporma sa kanayunan ng Pilipinas upang lansagin ang kapangyarihan ng mga panginoong maylupa, lutasin ang kagutuman ng magsasaka para sa lupa at wakasan ang pang-aapi’t pagsasamantala sa kanayunan.”

**Mindanao.** Binaril ng kalalakihang nakasakay sa motorsiklo si Delamente, 27 taong gulang at lider ng isang tribong Mamanwa, bandang 12:20 ng tanghali noong Enero 20, sa Punta Naga, Brgy. Caagdianao, Claver, Surigao del Norte. *Provincial coordinator* siya ng Katribu Party mula 2010 at aktibong kasapi ng Kahugpungan sa Lumadnong mga Organisasyon (KASALO)-Caraga. Isang bata rin ang tinamaan sa pamamaril, at nasa ospital pa hanggang ngayon. Malapit sa lugar ng pamamaril ang isang detatsment ng militar.

Si Delamente ay kilala sa pamumuno ng pakikibaka laban sa malakihang pagmimina ng nikel sa kanilang lupang ninuno. Noong nakaraang Disyembre, nagsampa sila ng kaso laban kay Rep. Prospero Pichay ng Surigao del Sur, may-ari ng Claver Mineral Development Corp. na pilit na nagpalayas sa mga Lumad-Mamanwa mula sa kanyang konsesyon ng minahan.

Pebrero 6, pinatay si Emelito "Tatay Intik" Rotimas, tagapangulo ng Purok 6 ng Barangay Lapu-lapu, Maco, Compostela Valley. Dalawang lalaking nakasakay sa motorsiklo ang bumaril sa kanya alas-11:45 ng tanghali sa labas ng Community Technical College of Southeastern Mindanao Incorporated (CTCSM). Naganap ang pamamaril habang nakikipag-usap si Rotimas sa ilang estudyante ng CTCSM.

Noong Pebrero 3, iniulat naman ng Rural Missionaries of the Philippines-NMR ang pagpaslang kay Renato Anglao, isang Lumad na kalahok sa pakikibaka laban sa pangangamkam ng mga plantasyon sa kanilang lupang ninuno.

Mahigit 26,000 na ang biktima ng karapatang-tao na naitala ng Karapatan mula nang maluklok sa pwesto si Duterte. Kabilang dito ang 18 ekstrahudisyal na pamamaslang, 14 na pagtatangkang pamamaslang, 397 iligal na pag-aresto, 7,841 kaso ng pag-okupa sa mga gusaling pang-komunidad, at 14,659 na kaso ng pagbabanta, pananakot o harasment.

AB

## BILANG NG PINASLANG SA GERA KONTRA-DROGA

**7,025** mula Hulyo 2016 hanggang Enero 2017

**2,503** pinaslang sa mga operasyong pulis

**3,603** iniimbestigahan

*"Oplan Tokhang..," mula pahina 8*

brutal at walang pakundangang mga pamamaslang sa mga operasyong pulis kung saan di kapani-paniwala ang sinasabing "nanlaban" o nagtangkang tumakas ang mga biktima. Karamihan sa kanila ay mula sa mga maralitang komunidad at baryo at una nang ipinailalim sa matinding presyur para "sumurender" at magpatala.

Habang tumatagal, nagiging malinaw na kriminal at anti-mamamayan ang buong kampanya kontra-droga batay sa sumusunod na dahilan:

1) Sa tala ng PNP mismo, may abereyds na 30 kada araw ang namamatay na sangkot sa droga. Sa kabuuan, mahigit 7,000 na ang napaslang sa loob lamang ng pitong buwan pero mahigit kalahati rito ay itinatanggi ng PNP na kagagawan ng mga pulis. Ayon sa kanila, nasa 2,500 lamang ang napatay sa kanilang mga operasyon. Mga sindikato na diumano ng droga ang pumaslang sa iba pa. Gayunpaman, malinaw na hindi simpleng mga bayarang mamamatay-tao ang nagsasagawa ng mga pamamaslang kundi mga sanay at episyenteng tauhan. Malinaw na organisado at sistematiko ang mga ito.

Hindi maitatanggi ang pag-iral ng isang pambansang *death squad* na pinatatakbo ng mga pulis, kundiman direktang tinatauhan nila, na tumutuwang sa mga pamamaslang. Alinsunod sa isang isinagawang imbestigasyon, direktang binabayaran ng "hedkwarters" ang mga pulis sa bawat suspek na napapatay nila. Nagbibigay din ng pabuya ang mga pulis sa network ng mamamatay-tao na nagsisilbing pamparami sa bilang ng mga pinatay. Hindi iisang kaso ang naiulat kung saan mga pulis ang nabubunyag na mga bayaran ng mga sindikato ng droga.

2) Para bigyang-katwiran ang maramihang pagpatay, paulit-ulit na pinalalaki ni Duterte ang bilang ng mga biktima nito, kasabay ng pagturing sa kanila bilang mga kriminal na kailangang ubusin. Laman ito ng halos 70% ng lahat ng kanyang mga talumpati at dinadala ito ng kanyang mga alipures sa PNP. Ayon pa sa kalihim nito sa Department of Justice, hindi mga tao ang mga sangkot sa droga, kaya wala silang mga karapatan.

Gayunpaman, hindi magkatugma ang kanyang mga datos sa mismong estadistika ng kanyang gubyerno. Ayon sa Philippine Dangerous Drugs Board, umaabot sa 1.8 milyon (2.3% ng populasyon) at hindi tatlong milyon ang gumamit ng iligal na droga noong 2016. Kahit ang "pagkabulok ng isip" ng mga gumagamit ng droga na ipinagdidiinan ni Duterte at paglaganap nito sa susunod na limang taon ay hindi suportado ng mga pag-aaral. Ayon sa United Nations Office on Drugs and Crime, 12% lamang sa lahat ng mga gumagamit ng droga ang naging adik sa kalaunan.

3) Ibinigay ni Duterte ang "gera kontra-droga" sa PNP, isang ahensyang pinagpupugaran ng mga sindikatong kriminal. Kilala ang PNP sa kainutilan, korapsyon, malawakang paglabag sa karapatang-tao at pagkakasangkot sa malalaking krimen. Sa nakaraang dekada lamang, napakarami ng napabalitang mga kaso ng pamamaslang, *kidnapping,* at iba pang krimen na may kinalaman sa malalaking sindikato sa iligal na droga ang kinasangkutan ng mga pulis. Paulit-ulit nang napatunayang hindi simpleng iilang "scalawag" o nabubulok na indibidwal sa loob nito ang sangkot sa mga krimen. Hindi mapapawi ng anumang pagpapahiya ni Duterte sa iilang mga upisyal ang reaksyunaryo at kriminal nitong katangian.


4) Sa unang bwelo pa lamang ng kampanya, malinaw nang ginagamit ito ni Duterte para konsolidahin ang kontrol niya sa pulis at militar. Makikita ito sa kanyang paggamit sa naturang "gera" para igiit ang konsepto ng awtoritaryanismo at ipatanggap ang posibilidad ng pagpapataw ng batas militar. Kasabay nito ang tuluy-tuloy na panunuyo sa mga upisyal at tauhan sa anyo ng mas matataas na sweldo at iba pang suhol.

5) Sa pambansang saklaw, ginamit ni Duterte ang paglalabas ng mga "listahan" para ipitin ang kanyang mga kalaban sa pulitika. Tulad ng inaasahan, nauwi sa wala ang mga imbestigasyon sa senado at kongreso. Wala ni isang inakusahang sangkot sa engrandeng network ng narko-pulitika ang kinasuhan. Hanggang ngayon, nananatiling banta ang "pagpangalan" ni Duterte sa iba pang matataas na upisyal na sangkot sa droga.

HABANG DUMARAMI ang kaso ng ekstrahudisyal na pamamaslang at kriminalidad, nagiging kasuklam-suklam na sa malawak na mamamayan ang kanyang todo-todong pagpuri at pagtatanggol sa PNP. Habang tumatagal, nakaririndi na ang kanyang walang-tigil na paglalatag ng problema sa droga, ang kanyang pagtatanggol sa sariling kampanya at pang-aatake sa mga bumabatikos sa kanya. Malinaw na puro hangin lamang ang mga ito ngayong napilitan na siyang umatras at amining "bulok sa kaibuturan" ang PNP. AB

# Protesta para sa hustisya sa HTI, inilunsad

Ipinanawagan ng mga manggagawa ng Kilusang Mayo Uno (KMU) ang hustisya para sa mga biktima ng sunod noong Pebrero 1 sa House Technology Industries (HTI) sa Cavite sa isang kilos protesta sa harap ng Department of Labor and Employment (DOLE) noong Pebrero 3.




Kasabay ng pambansang protesta laban sa kontraktwalisasyon at para sa pambansang minimum na sahod, hiningi ng mga nagpuprotesta na papanagutin ang maneydsment ng HTI, ang Philippine Economic Zone Authority (PEZA) at ang DOLE sa kanilang pagpapabaya sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa na nagdulot ng pagkamatay at pinsala sa mga manggagawa ng kumpanya.

Mahigit 100 manggagawa ang naiulat na napinsala at naospital. Ilan rito ang nag-aagaw-buhay, at mayroon nang namatay. Ngunit hindi iniuulat ng PEZA o ng lokal na gubyerno ng Cavite ang tunay na bilang ng nasawi. Hindi pinahintulutang lumapit ang midya sa nangyayaring sunog. Patuloy na nagbabalita si Gov. Remulla na walang manggagawang nasawi, at ang tanging iniuulat ng maneydsment ng HTI ay babayaran nila ang mga manggagawang nadisgrasya. Gayunpaman, sa panahon mismo ng sunog, ipinaabot na ng ilang mga residente at ng Workers Assistance Center sa Rosario, Cavite na may mga namatay.

Naglunsad ang KMU, Gabriela Women's Party at iba pang institusyong manggagawa ng isang *fact finding mission* sa Cavite Export Processing Zone (CEPZ) noong Pebrero 2, ngunit marami sa mga manggagawang kanilang kinapanayam ay nag-aalangang magsalita sa takot na hindi babayaran ng kumpanya ang danyos kung ilantad nila ang tunay na pangyayari. Ayon kay Joms Salvador ng Gabriela, "may ilang mga interes ang nagsisikap na supilin ang impormasyon, tulad ng mga ulat tungkol sa mga manggagawang namatay sa sunog o *suffocation* (pagkasulasok sa usok)."

Bandang hapon ay pinamunuan ng Kilusan ng Manggagawang Kababaihan (KMK) ang isang *noise barrage* o pag-iingay sa Welcome Rotunda. Ayon kay Avic Villanueva ng KMK, malaki ang epekto ng kawalan ng mga pamantayang pangkaligtasan sa CEPZ sa kababaihan na bumubuo ng 80% ng lakas paggawa rito. Sinundan ito ng isang pagsisindi ng kandila kasabay ang mga manggagawa ng KMU.

Ang HTI ay isang pabrikang Hapon na gumagawa ng mga yaring bahagi para sa konstruksyon ng mga bahay. Nagtatrabaho rito ang 6,000-7,000 manggagawa at empleyado. Nakatayo ito sa pitong-ektaryang lupa na saklaw ng CEPZA o enklabo ng paggawa sa Rosario at Gen. Trias. Isa ito sa mga pabrikang pinangangalagaan ng gubyerno sa neoliberal na patakarang akitin at bigyang prayoridad ang dayuhang pamumuhunan sa bansa, sukdang ilagay sa risgo ang buhay ng mga manggagawa.

Sa ilalim ng Special Economic Zone Act of 1995, ang mga pabrika sa loob ng mga enklabo ay hindi obligadong sumunod sa mga batas ng Pilipinas kaugnay ng paggawa, maging sa mga batas para sa kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa. Sa halos 300 enklabo sa buong bansa, malayang magnegosyo ang mga dayuhang korporasyon nang walang kahit anong buwis sa loob ng walong taon. Pagkatapos nito, 5% lamang ng kanilang kita ang ibibigay sa pambansang gubyerno, samantalang patuloy na libre ang lahat ng taripa sa piyer, sa pagluluwas-angkat, sa dayuhang tauhan, at iba pa.

Sa kabila ng napakalaking kita at mga pribilehiyo ng mga korporasyon, ang karaniwang taunang sahod ng mga manggagawa sa mga engklabo ang ikalawa sa pinakamababang sahod kasunod lamang ng Vietnam at malayong mas mababa kaysa China at India.

Ayon kay Elmer Labog ng KMU, "tulad ng mayorya ng mga manggagawa ngayon, karamihan sa mga manggagawa ng HTI ay mga kontraktwal, ang kanilang mga sahod ay mas mababa sa pamantayan ng disenteng pamumuhay at pinagkakaitan ng karapatang mag-unyon. Mga neoliberal na atake ang mga ito laban sa mga manggagawa na hindi hinaharap ng administrasyong Duterte. Malala pa, ang kanyang mga maneyder sa ekonomya ay nagtataguyod sa lansakang kontra-manggagawang mga patakarang ito."

Matapos magprograma sa DOLE, nagmartsa ang mga raliyista sa Mendiola upang singilin ang rehimeng Duterte sa bigong pangako nitong wakasan ang kontraktwalisasyon at pakinggan ang hinaing ng mg manggagawa para sa pambansang minimum na arawang sahod ng P750 para sa mga manggagawa sa pribadong sektor at P16,000 bawat buwan sa mga empleyado ng gubyerno. Naglunsad din ng mga protesta sa Cebu, Negros at iba pang panig ng bansa.

AB

# Mga magsasaka, nagkampo sa Davao City

Libu-libong magsasaka ang nagtipon sa Davao City noong Enero 24-27 upang humingi ng ayuda sa kalamidad at iba pang kongkretong solusyon sa kanilang mga problema.

Nilahukan ang Farmers' Camp-out for Food, Land and Justice ng 5,000 magsasaka at katutubo mula sa Compostela Valley, Davao del Norte, Davao del Sur at Davao Oriental. Hiniling nila ang kagyat na ayudang 15,000 kaban ng bigas (humigit-kumulang 940,000 kilo), at ang subsidyo sa produksyon para sa mga gamit pansaka, binhi at mga pataba.

Iginiit ng mga magsasaka ng Compostela Valley na dagdagan ng P1/kilo ang presyo ng kanilang produktong saging mula sa dating P4/ kilo. Ibinibenta ang mga ito ng mga negosyante ng P8/kilo sa mga palengke. Mahigit 30,000 pamilya ang nawalan ng bahay at kabuhayan dahil sa baha.

Kabilang sa mga nagprotesta ang mga magsasaka ng Madaum Agrarian Reform Beneficiaries Association Incorporated (Marbai) na pinalayas ng Lapanday Food Corporations *(Tingnan ang* Ang Bayan, *Disyembre 21, 2016)* at ang mga nagmula sa Cotabato Foundation College of Science and Technology (CFCST). Iginigiit ng mga magsasaka mula CFCST ang kanilang karapatan sa mahigit 4,611 ektaryang *school reservation site* na binubungkal na nila mula pa 1967.

Maliban sa MARBAI, dalawa pang kooperatiba—ang Hijo Agrarian Reform Beneficiaries Cooperative-B (HARBCO-B) at ang Guhusnong Mag-uuma Agrarian Reform Beneficiaries Inc. (GMARBAI) – ay humihingi ring ibalik ng Lapanday ang lupa sa nararapat na mga benepisyaryo. Ang HARBCO-B ay may 372 benepisyaryong magsasaka at binabawi ang 260 ektarya samantalang binabawi ng GMARBAI ang 116 ektaryang lupa mula sa Lapanday. Katabi ang mga ito ng 136 ektaryang lupang dati nang binabawi ng MARBAI.

Kinamkam na ng Lapanday ang mahigit 1,000 ektaryang lupa na nakalaan para sa reporma sa ilalim ng Certificate of Land Ownership Award (CLOA) na hawak ng mga kooperatiba.

Nagpiket din ang mga kasapi ng KMP, Unyon ng mga Magsasaka sa Agrikultura at mga tagapagtaguyod ng reporma sa lupa sa harap ng upisina ng Lapanday sa Makati at Davao City upang tutulan ang pangangamkam ng lupa.

Nakipagdayalog si DAR Secretary Rafael 'Ka Paeng' Mariano at mga upisyal ng DAR Region 12 sa Rizal Park sa ikatlong araw ng kampuhan.

Sa huling araw ng kampuhan ay nagmartsa ang mga magsasaka at nagrali sa harap ng himpilan ng Eastmincom, AFP sa Panacan, Davao City.

Ang dalawang prubinsya at apat na bayan sa Davao region ay napaiilalim sa *state of calamity* dahil sa tuluy-tuloy na pag-ulan at baha. Batay sa panimulang pagtaya ng reaksyunaryong gubyerno, di-bababa sa P7.42 milyon ang napinsala sa Davao del Norte. Ang panimulang datos din ng DAR-Davao Region ay nagpapakitang sinalanta ng baha ang 2,320 ektarya ng lupa sa limang munisipalidad, kung saan pinakamalaking tinamaan ang mga plantasyon ng saging na umaabot sa P4.17 milyon ang nasira.

Ayon sa estadistika ng gubyerno, 11 sa 20 pinakamahirap na probinsya ay nasa Mindanao. Ang mga rehiyon ng Mindanao ang pinakamilitarisado sa Pilipinas. AB

## Kamara, nabulabog sa protesta ng mga guro

NAGLUNSAD NG kilos-protesta sa loob ng Kamara ang mga guro na kasapi ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) laban sa panukalang mga reporma sa sistema ng pagbubuwis ng Department of Finance (DOF) noong Pebrero 1. Habang nagtatalakayan ang mga kongresista ukol sa panukala, nagladlad ng plakard ang mga guro at sumigaw ng mga islogan, hanggang patigilin sila ng mga gwardya ng sesyon ng kongreso. Ang ilan sa mga titser ay binuhat palabas sa bulwagan.

Ayon kay ACT Teachers Party-List Rep. Antonio Tinio, ang panukalang *excise tax* sa mga produktong petrolyo ay papasanin ng mga mababang-sahod at mahihirap na pamilya. Sinang-ayunan ito ni Emmi De Jesus ng Gabriela Women's Party at tagapangulo ng House Committee on Poverty Alleviation, na nagsabing ang mga reporma sa pagbubuwis ay "mapanlinlang at kontra-mahirap" dahil ang sinasabing pagbawas ng *income tax* "ay isa lamang panakip sa isang tsunami ng buwis na nakatutok sa mahihirap na Pilipino."

Nilalaman ng panukala na babawasan ang buwis sa mga personal na kita mula 32% tungong 25% ngunit babawiin naman ito sa pagpataw ng dagdag na buwis sa mga remitans, produktong petrolyo, mura o sosyalisadong pabahay, pamasahe, kuryente at iba pang serbisyo.

Tataas ang pang-araw-araw na gastusin ng mahihirap, samantalang ang buwis sa mga korporasyon, interes na kinita ng mga deposito sa bangko, pamumuhunan at mga transaksyong kaugnay ng ari-arian ay mababawasan ng malaki. "Malinaw na ang ultimong benepisyaryo ng panukalang reporma sa buwis ay ang mayayamang pamilya at negosyo sa bayan," ani de Jesus. Ayon sa kanya, dadalhin ang isyung ito sa serye ng mga kilos protesta hanggang Marso 8.

# Rali para sa kapayapaan, inilunsad sa Samar

Naglunsad ng isang rali para sa kapayapaan ang hindi bababa sa 1,000 magsasaka sa harap ng Samar Provincial Capitol noong Enero 26 upang ipanawagan ang pagpapaatras sa mga tropa ng AFP na nakakampo sa mga komunidad sa prubinsya.

Ayon sa mga lider magsasaka mula sa Hinabangan, Pinabacdao, Basey at Calbiga, ang mga tropa ng 8th ID ay hindi kailanman umalis sa kanilang mga baryo at patuloy na nangharas sa mga magsasaka sa kabila ng sinasabi nitong tigil-putukan. Pinipilit na dumalo ang mga magsasaka sa mga "pulong" kung saan ipinamamarali ng AFP na hindi na Oplan Bayanihan, kundi Oplan Kapayapaan, ang kanilang ginagawa.

Ikinwento rin ng dumalo na sa isang "medical mission" nitong buwan, isang magsasakang di marunong magbasa ang binigyan ng reseta mula sa isang sundalong duktor, ngunit nang ipabasa niya ito sa iba, ang nakasulat pala ay "may itinatago kang baril."

Sa rali, ipinahayag din ng mga magsasaka sa pamumuno ng Kapunungan han Gudti nga Parag-uma ha Weste han Samar (KAPAWA) at People Surge-Western Samar Provincial Formation ang patuloy na pagsuporta sa usapang pangkapayapaang NDFP-GRP.

Samantala, nagtipon ang mga guro ng pampublikong elementarya at hayskul mula sa iba't ibang lugar sa Eastern Visayas sa Samar noong Pebrero 3 upang sumabay sa pambansang pagkilos sa ilalim ng Alliance of Concerned Teachers na nananawagan ng dagdag-sahod. Binatikos din ng mga guro ang mabagal na pampinansyang ayuda sa mga apektado ng *super-typhoon* Yolanda, ang atrasadong Performance Based Bonus, at ang mga anti-guro na pahayag ni Budget Secretary Benjamin Diokno.

Patuloy rin ang kilos protesta sa iba't ibang lugar sa buong bayan

**Metro Manila.** Pebrero 3, nagmartsa ang mga aktibista sa ilalim ng Bayan mula sa Kalaw St. tungong embahada ng US upang iprotesta ang mga *anti-immigrant* na patakaran ni Pres. Trump ng US. Itinaon rin ang kilos-protestang ito sa anibersaryo ng pagsimula ng Digmaang Pilipino-Amerikano noong Pebrero 4.

Pebrero 2, piniket ng mga magsasaka sa pangunguna ng KMP, UMA at Anakpawis Party ang upisina ng Philippine Coconut Authority upang hingin ang kagyat na pagbabalik ng P75 bilyon pondong *coco levy* sa maliliit na magniniyog, hindi ang pribatisasyon nito o ang pamamahala ng isang bagong pampublikong korporasyon.

**Mindoro.** Matagumpay na napatigil ng kilos protesta ng mga mangingisda noong Pebrero 1 ang muling pagtatangkang demolisyon sa Rizal at San Jose sa Occidental Mindoro, sa lupang inaangkin ni Annaliza Pojas-Lopez.

**Kordilyera.** Naglunsad ng *peace assembly* noong Disyembre 29, 2016, ang 300 delegado mula sa iba't ibang prubinsya ng Cordillera bilang bahagi ng pambansang asembleya para sa kapayapaan na ipinanawagan ng PKP. Tumampok dito ang panawagan para sa makatarungang kapayapaan, ang pagsuporta sa usapang pangkapayapaang NDFP-GRP, at ang pagpapaalis sa mga tropa ng AFP sa mga komunidad ng katutubo. Pinatampok sa asembleya ang pakikibaka ng mga katutubo para sa karapatan sa pagpapasya-sa-sarili sa pamamagitan ng Cordillera Peoples' Democratic Front (CPDF).

### Mga tsuper, nagprotesta laban sa *phase-out* ng dyip

MAHIGIT 500 OPEREYTOR at tsuper ng pampasaherong dyip sa Baguio City ang nagprotesta sa lansangan noong Enero 21 laban sa mapanlinlang na iskemang "modernisasyon" ng dyip ng Department of Transportation (DOTr).

Ang nasabing programa, na binuo noong 2015 ng rehimeng Aquino, ay nagtakdang mag-*phase-out* ng kasalukuyang mga dyip upang palitan ng mga sasakyang pinatatakbo ng kuryente (e-jeepney). Umaabot nang humigit-kumulang P8 milyon ang halaga ng isang e-jeepney, na hindi kaya ng mga opereytor at drayber.

"Hindi ito pagpapaunlad kundi dagdag na pahirap sa mga drayber at opereytor ng jeepney. Paano na lang ang mga maliliit ng opereytor ng dyip na hindi kayang bumili at magpamantine ng e-jeepneys?" ani Carlito Wayas, pambansang bise-presidente ng grupong PISTON.

Sa pagtitipon sa Igorot Park sa Baguio City, inilahad ng pambansang presidente ng PISTON na si George San Mateo na ang phase-out ay nakapaloob din sa panukalang Emergency Traffic Powers Bill, na magbibigay ng pangkagipitang kapangyarihan sa pangulo sa mga hakbangin ukol sa trapiko. Ang batas na ito ang magpapadulas sa plano ng gubyerno na Fleet Management Program, kung saan ang mga prangkisa at yunit ng dyip ay ilalagay sa kamay ng malalaking negosyante, mga *financier*, at mga upisyal ng gubyerno.

Idinagdag din ni San Mateo na hindi kaya ng e-jeepney na umakyat sa matatarik at malalalim na daan at pasikut-sikot sa interyor ng Cordillera. Napatunayan na ito sa isang ginanap na test run sa Baguio City noong nakaraan, kung saan mas banayad pa ang mga kalsada.

Sumuporta rin ang PISTON sa inilunsad na welga ng mga dyip sa Kamaynilaan noong Pebrero 6 sa ilalim ng STOP and GO.